KALATAS

Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan

TOMO 43 BILANG 4 *BASAHIN AT TALAKAYIN* *ABRIL 2023*

EDITORYAL

Konsolidahin at palakasin ang nagkakaisang prente upang labanan ang imperyalistang agresyon

Kritikal ang kalagayan ng Pilipinas habang itinutulak ng imperyalismong US ang gera sa Asia Pacific. Bilang malakolonya ng US, hinihila nito ang Pilipinas sa mga gerang agresyon na siyang paraan ng imperyalismo para panatilihin ang hegemonya sa pulitika at ekonomya sa daigdig. Mahigpit na karibal ngayon ng US ang China, isang umusbong na kapangyarihan, at karatig-bansa ng Pilipinas. Kapag naganap ang gera sa pagitan ng dalawang imperyalistang kapangyarihan, tiyak na masasangkot ang bansa at ibayong magdurusa ang sambayanang Pilipino.

Labis ang pangangayupapa ni Ferdinand Marcos Jr. sa kanyang among imperyalistang US para maisakatuparan ang hinahangad ng huli na gera sa rehiyon. Wala siyang pagsasaalang-alang sa kapakanan at kaligtasan ng bansa at mamamayang Pilipino. Nagtuluy-tuloy ang mga ehersisyong militar ng US at Pilipinas mula Marso hanggang Abril, naipinal ang mga dagdag na base militar ng US sa bansa at muling pinagtibay ang mga di pantay na kasunduang militar.

Kataksilan sa bayan ang mga inilusot ni Marcos Jr. na mga tagibang na kasunduan pabor sa US. Ngayong buwan, ipininal ang apat na dagdag na base militar ng US, kabilang ang itatayo sa Balabac Island, Palawan. Pinakamalaking



KALATAS

Abril 2023
TOMO 43 BILANG 4

NILALAMAN

1 Konsolidahin at palakasin ang nagkakaisang prente upang labanan ang imperyalistang agresyon

3 Ayon kay Ka Joma at balita sa matagumpay na Ka Roger Training Course

4 NDFP: Nagpapalawak, nagpapalakas para ipagtagumpay ang pambansa-demokratikong rebolusyon

6 Ika-50 anibersaryo ng NDFP, ipinagdiwang sa TK

7 20 oras na brownout araw-araw, pasakit sa mga Mindoreño

8 Balitang TO: Isang sundalo, patay sa ambus ng BHB-Mindoro

9 Tugon ni PdG: Hinggil sa mga pakikibakang pang-kalikasan

11 Balabac Island sa Palawan, bagong base militar ng US sa ilalim ng EDCA

12 Bantay Karapatan: Impyunidad, pang-aatake sa mga aktibista at pambobomba

13 Kilos Protesta: Kalbaryo ng Bayan at Gawad Eden at Eddie

14 Internasyunal: Pagbagsak ng mga bangko, tanda ng lumalalang krisis ng imperyalismo

15 Basahin at talakayin ang INDEKS sa Langis

16 Kultura: Alay sa mga dakilang rebolusyonaryong martir

Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.

Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:

dagundong.tk@gmail.com

balikwastk.wordpress.com

bilang ng mga pwersang Amerikano (12,000) ang lumahok sa Balikatan *exercises*. Habang ang binuong US-Philippines Bilateral Defense Guidelines ay nagbigay ng ligal na bihis sa pagpapalahok sa mga Pilipino sa gera ng US sa daigdig. Ang lahat ng ito'y tahasang paglabag sa soberanong karapatan at kasarinlan ng bansang Pilipinas.

Kasabay nito, ginagatungan pa ng US ang panghihimasok ng China sa West Philippine Sea (WPS) at ang panghaharas sa mga mangingisdang Pilipino. Bukod sa Pilipinas, ginagawang katwiran ng US ang "pagtatanggol" sa mga bansang Taiwan, Vietnam at iba pang karatig-bansa na diumano'y binabraso ng China sa usapin ng teritoryo sa South China Sea.

Muhing-muhi ang mamamayang Pilipino sa imperyalismong US at sa pagpapakatuta ng rehimeng Marcos II. Malaon nang naghahangad ang sambayanan na makalaya sa kuko ng imperyalismo, huklubang pyudalismo at burukrata kapitalismo. Mayaman ang kasaysayan ng pakikibaka ng mamamayang Pilipino laban sa mga dayuhang mananakop mula sa kolonyalistang Espanyol, Hapones at ang mahigit ng 120 taong nilalabanan na kolonyal at malakolonyal na paghahari ng imperyalismong US.

Mula nang patraydor na inagaw ng US ang tagumpay ng mamamayang Pilipino laban sa Kolonyalistang Espanyol, nalantad na ang tusong katangian nito. Magiting na nilabanan ng bayan ang panlilinlang ng US sa tabing ng "mapagpalang asimilasyon" na ipinantakip sa mga krimen nito sa mga Pilipino: panggagahasa, henosidyo, pandarambong at pagwasak sa kalikasan at pambabansot sa ekonomya ng Pilipinas. Ipinagbawal ang pagwawagayway ng watawat ng Pilipinas at pilit isinusubo ang wikang Ingles kapalit ng katutubong wikang Filipino para patayin ang diwa ng patriyotismo.

Lalo lamang pinabukal ng imperyalistang pananakop ng US ang pagmamahal sa bayan at kalayaan ng mga Pilipino. Humawak ng armas ang mga Pilipino kagaya nila Macario Sakay, Heneral Antonio Luna at Heneral Gregorio del Pilar. Sa kabila ng kabiguan sa harap ng superyor na pwersa, armas at tauhan ng US, at palasuko at mapagkanulong linyang bitbit ng mga burgesyang tulad nina Emilio Aguinaldo at Pedro Paterno, nagpatuloy ang pakikibaka ng mga Pilipino para sa kalayaan. Naging instrumento ang pagkakatatag ng lumang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) noong 1930 upang muling buhayin ang anti-imperyalistang pakikibaka ng bayan. Nagpatuloy ang rebolusyonaryong pakikibaka nang pansamantalang umalis ang mga Amerikano at palitan ng mga Hapones, at kahit nang bumalik ang imperyalismong US para itatag ang papet na republika noong 1946.

Sa muling pagtatatag ng PKP na ginagabayan ng teorya ng Marxismo-Leninismo-Maoismo noong 1968, wastong sinuri na ang imperyalismong US kasabwat ang katutubong pyudalismo at burukrata kapitalismo ang mga salot na nagpapahirap sa lipunang Pilipino at na kailangan ang armadong pakikibaka para umalpas sa pagkubabaw ng imperyalismo. Sa sumunod na taon, itinayo ng PKP ang Bagong Hukbong Bayan (BHB), ang pangunahing sandata ng PKP at ng mamamayan laban sa imperyalistang US at sa tuta nitong Armed Forces of the Philippines (AFP). Inilulunsad nito ang armadong pakikibaka na may malawak at malalim na suporta ng mamamayan para isulong ang pambansa-demokratikong rebolusyong bayan.

Dapat halawan ng aral at ipursige ang magiting na paglaban ng mamamayang Pilipino laban sa mga dayong kapangyarihan laluna ang US, na malaon nang nang-aapi at nagsasamantala sa bayan. Kailangang suportahan ng malawak na kilusang parlamentaryo sa mga sentrong-bayan at kalunsuran ang armadong pakikibaka para likhain ang malakas na pwersa na magpapalayas sa imperyalismo.

Tampok na anti-imperyalistang pakikibaka sa kasaysayan ang konsistenteng pagtuligsa ng bayan sa sapilitang pagpapalahok ng US sa mga Pilipino sa gera nito sa Korea noong dekada 1950, Vietnam noong mga dekada 1960-1970, Iraq noong dekada 2000 at iba pa. Sa Timog Katagalugan, libu-libong kabataan at propesyunal ang kumilos upang tutulan ang eksperimentasyon sa isang bahagi ng Bundok Makiling para malikha ang Agent Orange, isang mapamuksang kemikal na ginamit sa Vietnam War. Noong 1991 naman, napalayas ng nagkakaisang lakas ng bayan ang base militar ng US sa Subic.

Higit na napapanahon ngayon na muling padagundungin ang mga anti-imperyalistang protesta at paglaban ng mamamayang Pilipino. Kailangang magkaisa ang buong bayan para igiit at ipaglaban ang tunay na pambansang kalayaan at demokrasya. Itakwil at labanan ang mga pakanang pang-uupat ng gera ng US at paggamit sa Pilipinas bilang lunsaran ng digma laban sa katunggaling imperyalistang Tsina sa hinaharap.

Upang maisakatuparan ito, kailangang palakasin ang National Democratic Front of the Philippines na kalasag ng mamamayan laban sa tumitinding pasismo at terorismo ng imperyalismo at lokal na naghaharing reaksyon. Buklurin ang sambayanang Pilipino sa diwa ng patriyotismo at pagtatanggol sa bayan, at pakikibaka para sa tunay na kalayaan at demokrasya. Palahukin ang lahat ng makabayan at patriyotikong mamamayan sa lahat ng anyo ng paglaban — ligal, mala-ligal, lihim at armado.

Tutulan at labanan ang pagpapaubaya ni Marcos Jr. sa mga plano at patakarang pandigma ng US. Palakasin ang mga protestang bayan para palayasin ang mga tropang militar at base militar ng US sa bansa. Ilantad ang mga epekto nito sa buhay at kabuhayan ng mamamayan at sa kalikasan.


Gayundin, nararapat tuligsain ng mamamayan ang pang-aagaw ng China sa teritoryo ng Pilipinas. Patuloy na nagpapatatag at nagpapalawak ang huli ng mga sariling base militar sa WPS. Ilantad at labanan ang mga panghaharas nito sa mga Pilipinong mangingisda sa sariling karagatan ng bansa.

Palawakin ang nagkakaisang prente sa ibayong dagat laban sa mga inter-imperyalistang agresyon at digma sa daigdig. Makipag-ugnayan at makipagkaisa sa mga mamamayan sa Asia at ibang panig ng daigdig laban sa imperyalismo. Buklurin ang pagkakaisa sa kanila sa ngalan ng pagkakamit ng tunay na kapayapaan, dignidad at pagkakapantay-pantay.

Pinatunayan sa kasaysayan ng matatagumpay na rebolusyon sa dagidig na ang digmang bayan ay mabisang sandata ng mamamayan laban sa mga imperyalistang gera. Pakilusin ang pinakamalaking bilang ng mamamayan at pagsilbihin ang malawak na nagkakaisang hanay ng mamamayan para sa armadong pakikibaka laban sa imperyalismo.

Sa pamumuno ng PKP, ang taliba ng rebolusyong Pilipino, ididirehe ang mga pakikibakang ito para sa pagkakamit ng tunay na pambansang kalayaan, demokrasya at kapayapaan. K

Bilang pagdakila sa yumaong pangulong tagapagtatag ng Partido Komunista ng Pilipinas at nangungunang Komunistang guro ng rebolusyong Pilipino na si Prop. Jose Ma. Sison, inilulunsad ng Kalatas ang **Ayon kay Ka Joma. Ilalathala rito ang mga ginintuang aral mula sa mga mahahalagang akda ni Ka Joma. Napapanahong balikan at sariwain natin ang mga ito bilang gabay sa pagsusulong ng ating mga rebolusyonaryong gawain.*



> Ang katangian ng rebolusyon ay itinatakda ng esensyal na tungkulin nito: palayain ang sambayanan sa paghaharing dayuhan at pyudal, at itatag ang independyente't demokratikong Pilipinas. Magagawa lamang ang tungkuling ito sa pamamagitan ng pagsusulong sa armadong pakikibaka bilang pangunahing porma ng rebolusyonaryong pakikibaka, at pagbubuo ng pinakamalawak na nagkakaisang prente ng mga pwersang pampakilos para ihiwalay at durugin ang target o kaaway.
>
> *- mula sa Ang Mahigpit Nating Mga Tungkulin (1975)*

NDFP: Nagpapalawak, nagpapalakas para ipagtagumpay ang pambansa-demokratikong rebolusyon

Tanging ang sama-samang rebolusyonaryong pagkilos ng nakararaming aping uri ang magbabagsak sa kakaunti ngunit naghaharing mapang-aping uri. Ito ay batas ng kasaysayan na paulit-ulit nang pinatunayang wasto ng mamamayang nagsulong at nagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan.

Nag-aanyo ang kolektibong lakas na ito sa isang pambansang nagkakaisang prente na kumikilos upang buuin at tipunin ang nagkakaisang lakas ng lahat inaaping mayoryang mamamayan laban sa imperyalismo, pyudalismo at pasismo ng reaksyunaryong estado. Sa Pilipinas, ang National Democratic Front of the Philippines (NDFP) ang pinakakonsolidadong bahagi ng nagkakaisang prenteng ito. Ito ang alyansa ng mga rebolusyonaryong pwersang nagtataguyod ng bagong tipong rebolusyong Pilipino at para sa armadong pakikibaka. Naninindigan itong ang rebolusyong Pilipino na may sosyalistang perspektiba ay dapat pamunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas. Limampung taon nang isinusulong ng NDFP ang wastong landas ng pambansa demokratikong rebolusyon para kamtin ang tunay na pagbabago ng lipunang Pilipino.

Pagtatayo ng NDFP

Pinangunahan ng PKP ang pagtatatag sa NDFP sa pamamagitan ng itinayong *preparatory commission* noong 1971. Layunin ng komisyon na magbalangkas ng programa na magbibigkis sa mga sektor at organisasyon para sa pagsusulong ng pambansa-demokratikong rebolusyon.

Naging tanong para sa mga kadreng itinalaga sa komisyon: bakit kailangan pang itayo ang NDFP gayong tuluy-tuloy ang paalon na pagpapalawak at pagpapalakas ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa sa buong bansa kahit wala ito? Inilinaw ng pamunuan ng PKP na magsisilbi ang NDFP bilang malapad na kalasag ng rebolusyon laban sa inaasahang mas sasahol at babangis na diktadurang US-Marcos I. Hinalaw ito mula sa karanasan ng South Vietnam National Liberation Front na naging epektibong instrumento upang labanan ang panunupil ng imperyalismong US sa mamamayang Vietnamese.

Sa diwang ito nagsikap ang mga kadre ng PKP na makipag-ugnayan sa iba't ibang demokratikong pwersa at itinayo ang NDFP. Noong Abril 24, 1973, binuo at inaprubahan ng mga kaalyadong organisasyon ng NDFP ang 10-puntong programa nito sa lungsod ng Baguio. Ito na ang kinikilalang araw ng pagkakatatag ng NDFP.

Nagpalakas ang NDFP sa gitna ng hagupit ng diktadura. Naging salalayan nito ang dumaraming bilang ng mamamayan na nakikibaka laban sa paghahari ng imperyalismong US at mga Marcos. Umanib sa NDFP ang mga manggagawa, magsasaka, kabataan, kababaihan, pambansang minorya at pati mga propesyunal tulad ng mga guro, siyentista, abogado, manggagawang pangkalusugan, kawani ng gubyerno, manunulat, artista, arkitekto, taong simbahan at iba pa. Nakipagkaisa rin sa NDFP ang mga makabayang pulitiko at mga nag-aadhika ng tunay na pambansang kalayaan at demokrasya. Sa kasalukuyan, may 18 kaalyadong organisasyon ang NDFP.

Hinarap ng NDFP ang iligal na pang-aaresto at *enforced disappearance* ng ilan sa mga personahe nito noong Martial Law subalit nagpatuloy ang pagsasaayos at paglakas ng organisasyon. Nagawa nitong magtalaga ng kinatawan para sa mga ugnayan sa ibayong dagat noong 1976 at pinalawig pa ang 10-puntong programa nito tungong 12-punto noong 1977. Sa Timog Luzon, nagsimula ang gawaing pagbubuo ng NDFP noong 1986 na nagresulta sa pagtatayo ng mga munisipal na konseho sa ilang probinsya ng Timog Katagalugan.

Pinanday ang NDFP hindi lamang sa pakikihamok sa diktadura kundi maging sa pagbaka sa mga paglabag sa prinsipyo mula sa loob nito. Noong dekada 1980, sumimsim ang maling kaisipan na ang NDFP ay isang "talibang prente" ng rebolusyon at na dapat itong gawing pederasyon kung saan magiging sentro ito sa pulitika na may kumand sa mga organisasyon sa ilalim nito. Dinala ito ng mga rebisyunistang nagnanais na pahinain ang inisyatiba at pamumuno ng PKP.

Mahigpit na nilabanan at itinakwil ang mga bulok na ideyang isinulong ng mga oportunista. Naging panandang bato sa kasaysayan ng NDFP ang unang pambansang kumperensya nito noong 1994. Idineklara rito ang pananaig ng tama sa maling linya—ang mahigpit na pagtangan ng NDFP sa pamumuno ng proletaryo at sosyalistang perspektikba ng rebolusyong Pilipino.

Mga tagumpay ng NDFP

Sapul nang itatag, ubos-kayang gumampan ang NDFP ng tungkulin nitong palaparin ang pambansang nagkakaisang prente at lumaban para ibagsak ang imperyalismo, pyudalismo at burukarata kapitalismo sa bansa. Hawak ang wastong linyang

inilatag ng PKP, nagawa nitong magpalakas at magpalawak sa gitna ng pinatinding atake ng pasistang diktadura ni Marcos I noong dekada 1970.

Nagsisilbi ang NDFP bilang tagapaghanda at tagapagpalakas ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika lalo mula antas munisipyo pataas. Ginagawa ito sa pamamagitan ng paglikha sa malawak na suporta't paglahok ng mamamayan sa paggugubyerno, pag-impluwensya sa lokal na eleksyon at pulitika, at paghahapag ng mga panukalang reporma at patakaran.

Bagamat hindi katumbas ng demokratikong gubyernong bayan, binigyan ng awtoridad ang NDFP na maging kinatawan ng rebolusyonaryong kilusan sa negosasyong pangkapayapaan sa reaksyunaryong Government of the Republic of the Philippines (GRP). Iginiit ng NDFP at nakamit ang wastong kondukta at adyenda sa negosasyon. Ipinagtagumpay nitong papirmahin ang GRP sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law at Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG). Itinaguyod ang karapatan ng mga sibilyan, kabataan at bata at mga espesyal na sektor laban sa mga pang-aatake ng AFP-PNP. Sapul nang humarap sa pormal na mesa ng negosasyon, mahigpit na hinawakan ng NDFP ang mga prinsipyo para sa pagkakamit ng tunay na pangmatagalan at makatarungang kapayapaan.

Bilang opisyal na kinatawan ng rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas, ginampanan ng NDFP ang pagsusulong ng gawaing proto-diplomatiko ng Partido para kabigin ang pinakamalawak na internasyunal na suporta para sa rebolusyong Pilipino. Sa pangunguna at mahigpit na gabay ng yumaong Chief Political Consultant na si Jose Ma. Sison, umani ang NDFP ng mataas na prestihiyo at laksa-laksang mga kaibigan at tagasuporta ng rebolusyon mula sa mga migranteng manggagawang Pilipino sa ibayong dagat at maging mula sa ibang lahi.

Hamon sa gitna ng papatinding digma

Pinuruhan ng kontra-rebolusyonaryong atake lalo noong panahon ng tiranikong paghahari ni Rodrigo Duterte ang NDFP. Nagkakailan ang mga pinaslang na *peace consultant* ng NDFP at marami rin ang iligal na inaresto at sinampahan ng gawa-gawang kaso. Lansakang nilabag ng GRP ang JASIG at arbitraryong tinalikuran ang negosyasyong pangkapayapaan. Matapos isabatas ang pasistang Anti-Terrorism Law, idineklarang terorista ng Anti-Terror Council ang NDFP at mga kaalyadong organisasyon nito.

Hindi napigilan ng teroristang pang-aatake ng rehimeng US-Duterte at ng kasalukuyang rehimeng US-Marcos II ang pagsulong ng gawain ng NDFP. Patuloy ang pagpapalawak at pagpapalakas nito sa hanay ng inaaping mamamayan at maging sa mga panggitna't positibong pwersa, lalung-lalo sa mga tutol sa tiranikong paghahari ng mga Marcos at Duterte sa loob at labas ng bansa. Higit sa lahat, patuloy nitong ibinabandila ang armadong pakikibaka bilang pangunahing anyo ng paglaban sa naghaharing estado. Lahat ng pagsisikap ng NDFP ay naglilingkod sa pagsusulong ng armadong pakikibaka ng mamamayan.

Gayunpaman, marami at mas malawak pa ang dapat abutin ng NDFP. Kailangan ding patibayin ang hanay ng nakikibakang mamamayan sa harap ng puting lagim at paninibasib sa kanayunan ng AFP-PNP. Hinog ang kalagayang panlipunan—malawakang disempleyo, kawalan ng lupa, kasalatan sa serbisyong panlipunan, kagutuman at kahirapan—para ibayong buklurin at pakilusin ang sambayanan sa rebolusyon. Sa wastong pamumuno ng PKP, tiyak ang paglakas at paglawak ng NDFP tulad ng pagsibol at paglago nito noong panahon ng Martial Law. K

NDFP-ST: Palayain si Ernesto Lorenzo at iba pang *peace consultant*!

Nananawagan ang NDFP-ST na palayain ang detenidong pulitikal na si Ernesto Lorenzo. Si Lorenzo ay dinakip ng mga pwersa ng Southern Luzon Command noong Abril 11, 2022 habang nagpapabakuna laban sa COVID-19 sa Parañaque City kasama ang tatlo pang sibilyan. Siya ay NDFP *consultant* sa Timog Katagalugan.

Si Lorenzo ay protektado ng Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG). Bahagi rin siya ng delegasyon ng NDFP na kalahok sa *peace talks*.

Si Lorenzo ay nauna nang iligal na inaresto noong 2015 sa ilalim ng rehimeng US-BS Aquino subalit nakalaya noong 2016 upang lumahok sa noo'y nagaganap na *peace talks* sa rehimeng US-Duterte. Tuluy-tuloy siyang nagsagawa ng mga pulong konsultasyon sa aping mamamayan ng TK kahit unilateral nang ipinahinto ng GRP ang *peace talks* noong 2017.

Kasalukuyang nakapiit si Lorenzo sa *district jail* sa Pagbilao, Quezon kung saan may isinampang gawa-gawang kasong *serious illegal detention* sa kanya sa Gumaca at *murder* at *frustrated murder* sa Infanta; at *illegal possession of firearms and explosives* sa Malolos, Bulacan.

Pinangangambahan ng NDFP-ST ang epekto ng pagkakapiit sa kalusugan ni Lorenzo, 66 taong gulang, may sakit na hika, *hypertension*, *lumbar pains* at pana-panahong pag-atake ng *vertigo*. K

Ika-50 anibersaryo ng NDFP, ipinagdiwang sa TK

Sinalubong ng mga pagdiriwang at parangal ang ginintuang anibersaryo ng pagkakatatag ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) noong Abril 24. Naging okasyon ang anibersaryo upang gawaran ng pinakamataas na pagpupugay sina Benito "Ka Laan" Tiamzon at Wilma "Ka Bagong-tao" Austria-Tiamzon, mga nangungunang pambansang lider ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) na namartir noong Agosto 21, 2022.

Sina Ka Laan, Ka Bagong-tao at walo pa nilang kasama ay hinuli saka karumal-dumal na pinaslang ng 8th ID at Joint Task Force Storm ng AFP. Dinakip sila habang nagbibiyahe sakay ng dalawang *van* papuntang Catbalogan, Samar. Sa imbestigasyon, lumalabas na tinortyur muna bago pinatay ang mga biktima. Kinaladkad ang katawan ng mga kasama, isinakay sa bangka at ipinalaot sa dagat kung saan ito pinasabog upang maitago ang karumal-dumal na krimen ng AFP.

Nito lamang Abril 2023 isinapubliko ng PKP ang pangyayari sa mga Tiamzon dahil minabuting kumpletuhin muna ang imbestigasyon. Mariing kinundena ng Partido sampu ng rebolusyonaryong kilusan ang karumaldumal na krimeng ito. Iniatas ng Partido sa lahat ng komite sa ilalim nito at mga yunit ng BHB na bigyan ng pinakamataas na parangal sina Ka Laan at Ka Bagong-tao habang ginugunita ang anibersaryo ng NDFP.

Alinsunod sa tagubilin ng Komite Sentral, nagsagawa ng tahimik na 21 *gun salute* ang mga yunit ng BHB TK sa umaga ng Abril 24. Nag-alay rin ng mga awit, tula at mensahe ang kanya-kanyang yunit ng BHB at mga organo ng Partido.

"Kasama't katuwang ni Ka Joma, napalitaw, nasanay at napanday nina Ka Laan at Ka Bagong tao ang sobra sa sapat na talaksan ng mga kadre at kasaping handang sumalo sa kanilang naiwang responsibilidad at pamunuan ang Partido at buong rebolusyon… Malaki ang tiwala ng buong kilusang rebolusyonaryo sa TK sa bagong hanay ng pamunuan ng Komite Sentral sa muling pagpapanibagong-lakas at pagsulong," pahayag ng PKP TK.



Talumpati ni Comrade Kathryn sa mga Pulang mandirigma ng BHB-TK sa okasyon ng ika-50 anibersaryo ng NDFP. Aniya, dapat tularan ng bagong henerasyon sina Ka Laan at Ka Bagong-tao at patuloy na magsikhay sa pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa malawak na hanay ng mamamayang Pilipino para sa rebolusyon.

Patunay ng patuloy na pagsulong ng rebolusyon ang matatagumpay na pulong anibersaryong inilunsad sa rehiyon kung saan lumahok ang daan-daang mamamayan mula sa mga kaalyadong organisasyon ng NDFP. Naganap ang mga pagtitipon hindi lamang sa loob ng mga sonang gerilya kundi maging sa mga komunidad sa kalunsuran.

Nagsagawa rin ng raling iglap ang mga rebolusyonaryong organisasyon sa National Capital Region para itambol ang kawastuhan ng pambansa-demokratikong pakikibaka.

"Limampung taon matapos itatag ang NDFP sa panahon ng diktadurang Ferdinand Marcos Sr. ay nagpapatuloy ang krisis ng malakolonyal at malapyudal na lipunan sa ilalim ngayon ng papet ng Estados Unidos na si Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr. Ibig sabihin nananatili ang mga batayan ng Demokratikong Rebolusyon Bayan at ang kawastuhan ng 12-puntong programa ng NDFP," pahayag ng isang balangay ng Pambansang Katipunan ng Magbubukid sa Quezon.

Pinangunahan ng NDFP-ST ang pagdiriwang sa rehiyon sa pamamagitan ng paglalabas ng seryeng "50 Dahilan para Ipagdiwang ang 50 Taon ng NDFP". Kabilang sa mga binanggit na dahilan ang 12-puntong programa ng NDFP, mga tagumpay sa *peace talks* at gawaing internasyunal at paglawak ng rebolusyonaryong hanay ng mamamayan. Bilang pagtatapos, inilahad na ika-50 dahilan ang ipinuhunanang pawis at dugo ng mga rebolusyonaryong martir at mamamayan para isulong hanggang tagumpay ang pambansa-demokratikong pakikibaka ng sambayanang Pilipino. K

20 oras na *brownout* araw-araw, pasakit sa mga Mindoreño

Inirereklamo ni Aling Mayang*, isang maybahay mula sa isang bayan sa Occidental Mindoro, ang mahahabang *brownout* na dinaranas nila mula nang ideklara ng Occidental Mindoro Consolidated Power Plant (OMCPC) noong Abril 13 na pang-apat na oras lang ang kaya nitong isuplay na kuryente sa probinsya araw-araw.

"Kawawa ang mga bata. Hindi ko na pinapasok sa eskwelahan yung bunso ko kanina. Nung isang araw, sabi niya di siya makapag-aral nang maayos dahil sa init," ani Aling Mayang. Ayon sa kanya, 12:30 ng tanghali hanggang 04:00 ng hapon lamang may kuryente sa kanilang bayan.


Ganito rin ang sentimyento ni Richard*, isang nars sa isang pribadong ospital sa Sablayan. Ayon sa kanya, 145 estudyante na ang isinugod sa mga pampubliko at pribadong ospital dahil sa *heat stroke.*

"Mahirap magbigay ng serbisyo kapag wala ring kuryente sa ospital," ani Richard. Dagdag pa niya, labis na apektado ng brownout ang mga pasyenteng nagpapa-*dialysis***. Dagdag na gastos ng ospital na pinagtatrabahuan ni Richard ang pagbili ng gasolina para sa *generator* upang paandarin ang mga makina at aparatong kailangan ng mga pasyente.

Sa tindi ng problema, nagdeklara na si Gov. Ed Gadiano ng Occidental Mindoro ng *state of calamity* noong Abril 15 upang humingi ng tulong sa pambansang gubyerno. Pumutok na rin ang iba't ibang pagkilos ng mamamayan para isulong ang kanilang kahilingan sa sapat na suplay at murang kuryente.

Palyadong serbisyo, mahal na singil

Sing-aga pa lang ng 2014, pinoproblema na ng mamamayang Mindoreño ang kakayanan ng Occidental Mindoro Electric Cooperative (OMECO) na abutin ang 30 megawatts (MW) *demand* sa kuryente kada araw ng probinsya. Noong Hunyo 2022, danas na sa buong lalawigan ang 17 hanggang 20 oras na kawalan ng kuryente matapos magdeklara ang OMCPC na hindi na nito kayang ideliber



ang kuryenteng kailangan ng buong Occidental dahil wala na itong pambayad sa panggatong ng planta nito. Dahil dito, natulak ang lokal na gubyerno na magdeklara ng *state of power crisis* upang manawagan sa pambansang pamahalaan ng dagdag na tulong at subsidyo.

Lumala ang problema ngayong tag-init. Idineklara ng OMCPC noong Abril 13 na isang *generator set* na lang ang gagamitin nila para tugunan ang pangangailangan ng kuryente sa buong probinsya matapos maubos ang subsidyong tinatanggap nito mula sa National Power Corporation (NPC). Nasa 7 MW na lang ang sinusuplay ng OMCPC sa buong Occidental, dahilan para maging pirmido ang 20 oras na *brownout* sa probinsya.

Naging *viral* sa *social media* ang daing ng mga Mindoreño sa mahal na singil sa kuryente gayong napakaiksi ng oras ng kuryenteng ibinigay.

Ayon sa *post* ng isang konsyumer, umabot ng P4,332.89 ang singil sa kanya ngayong buwan. Hindi niya matanggap na ganito kamahal ang singil sa kanya samantalang apat na oras lamang ang kuryente sa kanilang lugar. Mas mahabang panahong gumagamit siya ng sariling generator sa bahay dahil sa katangiang *work from home* ang kanyang trabaho.

Pahayag ng isa pang konsyumer, "Sobrang perwisyo na ang ginagawa ng OMECO at OMCPC. Ngayon na sobrang lamang ang oras ng *brownout* kaysa may kuryente, ang singil nila'y kapareho sa buong buwan na may kuryente. Hindi na ito makatarungan."

Ugat ng problema sa kuryente

Ayon kay Ma. Patricia Andal, tagapagsalita ng NDFP-Mindoro, "Pambansang gubyerno ang may pangunahing responsibilidad sa pagtiyak na natatamasa ng mamamayan ang karapatan sa kuryente, kahit sa mga probinsya at isla na sinasabi nating *off-grid*, o wala sa pangunahing linya sa *mainland.* Subalit, dahil na rin sa pribatisasyon, ipinaubaya na nila ang karapatang ito sa mga

pribadong kooperatiba at mga kumpanya.”

Ang pagsasabatas ng RA 9136 o Electric Power Industry Reform Act (EPIRA) noong 2001 ang isa sa ugat ng pribatisasyon sa industriya ng kuryente.

Sa batas na ito, pinopondohan ang pagbibigay ng kuryente sa mga probinsya at islang hindi konektado sa distribusyon sa mainland Luzon, Visayas, at Mindanao sa pamamagitan ng pagsingil sa bawat konsyumer ng tinatawag na Universal Charge for Missionary Electrification (UCME) bukod pa sa mga proyektong pang-enerhiyang nakapailalim sa Missionary Electrification (ME). Kasama ang UCME sa binabayaran kada buwan ng mga konsyumer.

Subalit ang mga proyektong ME — na mula sa pondong binabayaran ng mga konsyumer — ay itinatayo ng NPC at ibinebenta sa mga pribadong negosyo na karaniwang pag-aari ng malalaking burgesya-kumprador (MBK).

“Sa ganitong sistema, tiyak na uunahin ng mga kapitalista na makamit ang kanilang super tubo, imbes na unahin ang pagbibigay ng mahusay na serbisyong kuryente para sa mamamayan at sa bayan,” dagdag ng tagapagsalita.

Makatwirang paglaban

Nagbunsod ng mga kilos protesta ang krisis sa kuryente sa Occidental Mindoro.

Noong Abril 8, nagkaroon ng mapayapang kilos-protesta sa harap ng tanggapang OMECO sa pangunguna ng grupong Pundidong Ilaw. Lumahok din ang mga kabataan na nagsindi ng kandila bilang simbolo ng pagtuligsa sa *brownout*.

Sinundan naman ito ng protestang bayan at *caravan* ng mga apektadong mamamayan sa ilalim ng mga grupong Oksi Walang Power Movement, 8 Ball Tribe, Pundidong Ilaw, Mangyan Movement at Samahan ng mga Consumer sa Occidental Mindoro noong Abril 15 upang itambol ang pangangailangan ng mamamayang Mindoreño para sa murang akses sa kuryente. Hindi bababa sa 5,000 ang lumahok sa protestang bayan na nagsimula pa mula sa Abra de Ilog at lumundo sa Blackout Concert sa San Jose.

Naghain ng petisyon ang 14,000 miyembro-konsyumer ng OMECO noong Abril 15 kay Ferdinand Marcos Jr. hinggil sa krisis sa kuryente ng lalawigan. Wala pa itong tugon hanggang sa kasalukuyan.

Ayon sa NDFP-Mindoro, dapat lamang na patuloy na kumilos ang mamamayang Mindoreño upang panagutin ang mga imbuwelto sa nagaganap na krisis sa kuryente sa Occidental Mindoro.

“Dapat igiit ang subsidyo mula sa NPC na sasapat sa pangangailangan ng mamamayang Mindoreño. Imbis na gamitin sa *confidential intelligence fund* ng opisina ng ilehitimong presidente’t bise-presidente, mga *pork barrel*, gastusin sa militar at pagbili ng kung anu-anong armas, eroplano, at kanyon, dapat ilaan ang pondo sa pagtitiyak na natatamasa ng mamamayan ang batayang serbisyong panlipunan.

Ngunit ang pangmatagalang solusyon ay isabansa ang industriya ng enerhiya at alisin ang monopolyo dito ng mga monopolyo-kapitalistang dayuhan, malalaking burgesya kumprador at ng mga ahente nilang burukrata-kapitalista. Hindi ito makakamit sa kasalukuyang bulok at anti-mamamayang gubyerno kaya’t kailangan pa rin ang pagsandig ng mamamayang Mindoreño sa demokratikong rebolusyong bayan,” ani Andal. K

**hindi totoong pangalan*

***proseso ng pagsasala ng dugo gamit ang isang makina*

BALITANG TO



1 sundalo patay sa ambus ng BHB-Mindoro

Inambus ng Lucio de Guzman Command (LdGC)-BHB Mindoro ang tatlo-kataong tim ng 4th IB sa Sityo Lipitan, Brgy. Monteclaro, San Jose, Occidental Mindoro noong Abril 25. Patay ang isang elemento ng 4th IB na kinilalang si Pvt. Mayuay Onaw.

Napatay si Onaw habang nakatakas ang dalawa pang elemento ng kaaway. Nakumpiska rito ang isang kalibre .45 pistola, dalawang magasin at mga selpon. Tiniyak ng BHB Mindoro na walang nadamay sa apat na sibilyang naroon sa lugar ng ambus.

Ayon kay Madaay Gasic, tagapagsalita ng LdGC, “Nakamit ng Mangyan-Buhid ang rebolusyonaryong hustisya dahil nasasangkot si Pvt. Onaw sa mga operasyong kombat ng 4th IB at 203rd Brigade na naghasik ng teror sa Mindoro lalo sa hanay ng mga katutubo.”

Malaon nang inirereklamo ng Mangyan-Buhid si Onaw na mulat na nagpapagamit sa kaaway bilang giya at lumalahok sa mga operasyong militar, pagrerekluta sa pagka-CAFGU at sapilitang pagpapasuko at pagtotortyur sa kapwa katutubo.

Kabilang si Onaw sa mga katutubong naging sundalo sa pamamagitan ng programang “*special enlistment*” ng 203rd Brigade. K

TUGON
NI PATNUBAY DE GUIA

Bakit ang pakikibaka para sa pangangalaga ng kalikasan at pagtatanggol sa likas yaman ay hindi maihihiwalay sa pakikibaka para sa pambansang soberanya at demokratikong interes ng sambayanang Pilipino?

Ang mga pakikibakang pangkalikasan ay malalim na nakaugat sa paglaban sa dominasyon ng imperyalismo sa ekonomya at lokal na rekurso ng Pilipinas. Direkta itong nakaugnay sa pakikibaka para kamtin ang hustisyang panlipunan dahil pinapanagot nito ang imperyalismo sa pandarambong ng likas na yaman at paninira sa kapaligiran. Nagdudulot ito ng mga sakuna na pangunahing pinagdudusahan ng aping mamamayan laluna ng mga manggagawa, magsasaka, mangingisda, pambansang minorya, setler, maralitang taga-lungsod at iba pa.

Ang US bilang nangungunang imperyalistang nakakubabaw sa bansa ang nagpataw ng neoliberal na patakaran sa ekonomya na nambusabos sa kabuhayan ng mamamayang Pilipino. Ikinumpas nito ang pagsasabatas ng Mining Act of 1995 ng GRP upang malayang makapanghuthot ang imperyalismo sa likas na yaman ng bansa. Bukod sa US, pumasok din ang mga kumpanyang mina mula sa China, Japan, Australia, Canada at mga kapitalistang bansa sa Europe. Nagbigay ito ng mga insentibo kagaya ng karapatang magmay-ari sa lupa, apat na taong *income tax holiday, value added tax exemptions* at iba pa sa mga kumpanya ng mina. Tumatabo ito ng malaking tubo dahil napakamura nitong nakukuha ang mga hilaw na materyales sa bansa. Noong 2022, nasa US$12.72 bilyon ang halaga ng mga mineral na nahuthot ng mga imperyalista. Habang dinadambong ang mga likas na rekurso, iniiwan nitong wasak ang kapaligiran na may pangmatagalang epekto sa mga lupang agrikultural at katubigan.

Pananagutan ng diktador na si Marcos Sr. ang isa sa pinakamalaking sakuna sa Pilipinas dulot ng pagmimina bilang numero unong may-ari ng Marcopper Mining Corporation mula 1970 hanggang 1986. Kapalit ng hinuthot na limpak-limpak na yaman ng pamilyang Marcos at kanyang mga kasabwat mula sa yamang mineral ng Marinduque ay ang sakuna dulot ng lason at dumi ng umaabot sa 84 milyong metriko toneladang *mine tailings* mula sa 200 milyong metriko toneladang naipong dumi't lason ng minahan. Ito ang ugat ng pagkawasak at pagkalason ng kabundukan, ilog at karagatan ng Marinduque at Tayabas Bay na hanggang ngayon at sa mga susunod pang panahon ay pinagdudusahan at pagdudusahan ng mamamayan.

Bago pa ipatupad ang Mining Act of 1995, halos kalbo na ang kagubatan dulot ng walang habas na pagtotroso na isinagawa ng mga *logging concessions* na pag-aari ng malalaking burgesya-kumprador at panginoong maylupa na pawang mga ahente ng monopolyo kapitalistang US sa pagluluwas ng mataas na klase ng troso sa bansa. Sa Timog Katagalugan, hindi makakalimutan ang mga *logging concessions* ng pamilyang Morato sa hangganang Quezon-Bikol, pamilyang Goa Pon Suey sa Sierra Madre, pamilyang Rodolfo Naguit, Joe Ong pamilyang Gutaoco, Cacha at Panopio sa Mindoro. Ang mga ito ang salarin sa pagkakalbo ng kagubatan at ugat ng pagbaha at paguho ng lupa na dinaranas natin ngayon.

Samantala, laging kaakibat ng pandarambong at paninira sa kalikasan ang pasismo ng estado sa pamamagitan ng armadong pwersang AFP-PNP, mga paramilitar at pribadong *goons* upang pangalagaan ang interes ng dayuhan at lokal na naghaharing uri. Dahil dito, namumulat ang mamamayan na kailangang ilunsad ang armadong paglaban para parusahan ang mga dayuhang korporasyon kasabwat ang mga burgesya komprador at panginoong maylupa at protektahan ang kanilang lupa at kapaligiran.

Kung kaya't nasa programa ng pambansa demokratikong kilusan ang pakikibakang pangkalikasan at pangangalaga sa kapaligiran. Kaakibat ito sa laban ng bayan para sa kabuhayan at pagtatanggol para sa pambansang soberanya at patrimonya. Mariing nilalabanan ng mamamayan ang mga mapangwasak na industriya sa pagmimina, pagtotroso, malalaking proyektong imprastraktura at iba pang anyo ng pagpapalit-gamit ng lupa na sumisira sa balanse ng ekosistema.

Nasa ubod ng pakikibaka ang mga laban ng mga komunidad na apektado ng mga proyekto. Sinusuportahan ito ng malawak na hanay ng mamamayan mula sa iba't ibang demokratikong pwersa kagaya ng taong-simbahan, siyentista, grupong makakalikasan, tunay na lingkod bayan at mga katulad. Lumalaban sila sa lahat ng larangan — hayag at lihim, ligal at mala-ligal, armado at di-armado — upang ipagtanggol ang karapatan ng mamamayan at ang kalikasan.

Mga sakunang dulot ng *climate change*

Nananalasa rin sa bansa ang mga sakunang dulot ng *climate change.* Ang *climate change* o pagbabago ng klima ng mundo ay ang pagbabago sa kundisyon ng panahon na resulta ng mga pagbabago sa temperatura ng daigdig. Nagbabago ang klima dahil sa pag-init ng daigdig o *global warming*. Taliwas sa pinalalabas ng mga imperyalista, hindi purong

natural na penomenon ang *climate change*. Ang mga imperyalista ang pangunahing may kagagawan ng *global warming* dahil sa walang tigil na pangwawasak at pandarambong sa kalikasan, sa ngalan ng dambuhalang tubó, na humantong sa pagbabago ng klima. Sila ang dapat sisihin at panagutin sa pagtindi ng mga pinsala at pagkawasak sa buhay, ari-arian at kabuhayan ng mga mamamayan sa daigdig resulta ng pagbabago ng klima sa mundo.

Nitong Enero, sa kasagsagan ng mga pag-ulan, dinanas ng Timog Katagalugan ang matitinding pagbaha na ngayon lang naganap sa kasaysayan. Tampok dito ang pagbaha sa Timog Palawan na nagdisloka sa libu-libong pamilya at nagpalubog sa halos buong bayan ng Brooke's Point. Binaha rin ang Oriental Mindoro na nagresulta sa daang milyong pisong pinsala sa agrikultura at industriya bukod pa sa perwisyo sa mamamayan. Sa panahong ito, laganap din ang mga pagguho ng lupa sa ibang bahagi ng bansa. Sa Mindanao, aabot ng isang daan ang namatay at nawawala dahil natabunan ng lupa.

Nitong Pebrero, habang malakas ang amihan, lumubog ang barkong MT Princess Empress sa bahagi ng Naujan, Oriental Mindoro. Tumagas ang dala nitong 800,000 litro ng *industrial fuel oil.* Dahil sa *oil spill,* ipinagbawal na ang pangingisda sa malaking bahagi ng Oriental Mindoro at pag-iigib ng tubig sa mga komunidad na kalapit ng dagat. Nagdeklara ng *state of calamity* ang 76 barangay sa Naujan, Pola, Pinamalayan, Gloria, Bansud, Bongabong, Roxas, Mansalay at Bulalacao. Bukod pa rito, apektado ang mga probinsyang Batangas, Palawan at Antique na inabot ng tumagas na langis. Tinuran ito ng mga residente ng Oriental Mindoro na mas malala pa kaysa sa COVID dahil sa dagok nito sa kanilang kabuhayan at ang halos kawalan ng ayuda mula sa reaksyunaryong gubyerno.

Pinangangambahan din ang epekto ng *oil spill* sa Verde Island Passage na matatagpuan sa pagitan ng Verde Island, Batangas at Mindoro. Ang Verde Island Passage (VIP) ay ang nangungunang reserba ng daigdig na pinakamayaman sa *marine biodiversity*. Hindi lamang Pilipinas ang nakikinabang sa mga yamang dagat ng VIP kundi ang buong mundo.



Tambak ng basura mula sa tumagas na langis na nakolekta ng mga residente ng Pola, Oriental Mindoro sa baybay-dagat ng kanilang bayan. Litrato ni Francis Malasig/EPA

Hamon sa kasalukuyang pakikibaka sa kalikasan

Nararapat na hindi maglubay ang pakikibakang bayan para tutulan ang mga mapangwasak na proyekto at singilin ang imperyalismo at kasabwat nitong lokal na naghaharing uri sa paninira sa kalikasan.

Binibigyang pugay ng NDFP ang paninindigan ng mamamayan ng rehiyon at buong bansa para pangalagaan ang kalikasan at igiit ang soberanong karapatan sa mga likas na yaman ng bansa. Ngayong taon, nagbarikada ang mga residente ng Sibuyan Island, Romblon at Brooke's Point, Palawan para pigilan ang operasyon ng pagmimina sa kanilang lugar. Naglakbay ang mga Dumagat at Remontado kasama ng iba pang residenteng apektado ng konstruksyon ng Kaliwa Dam tungong Maynila upang ipaabot sa Malakanyang ang kanilang pagtutol sa proyekto. Hindi mapigilan ang paglaban ng mga taga-Laguna para pigilan ang pagtatayo ng Ahunan Hydropower Plant. Patuloy na iginigiit ng mga komunidad sa tabing dagat at lawa ng Timog Katagalugan ang kanilang karapatan sa panirikan at kabuhayan kasabay ng paglaban sa mapangwasak na reklamasyon at mga huwad na proyektong pangkaunlaran. Nagpupunyagi ang malawak na hanay ng mamamayan sa pakikibaka sa harap ng matinding militarisasyon at pasismo ng estado sa kanilang lugar.

Tanging ang tunay, makabayan at demokratikong pakikibaka lamang ang makakasalba sa bayan mula sa kahirapan at pagkawasak ng kapaligiran. Ang programa sa kalikasan ay nakapaloob sa demokratikong rebolusyong bayan (DRB) na isinusulong ng PKP-BHB-NDFP. Nilalayon ng DRB na makahulagpos ang bansa mula sa kuko ng imperyalismo at sa mga ipinataw nitong neoliberal na patakaran at maitayo ang gubyernong bayan na kakatawan sa pambansa-demokratikong mithiin ng mamamayan. Ipatutupad nito ang isang kumprehensibong plano sa ekonomya na tutugon sa batayang pangangailangan ng bayan habang pinangangalagaan ang kalikasan. K

MGA TAMPOK NA PAKIKIBAKANG PANGKALIKASAN SA TIMOG KATAGALUGAN

Mayaman ang kasaysayan at karanasan ng mamamayan ng Timog Katagalugan sa mga pakikibakang pangkalikasan.

- Matagumpay na napanagot sa reaksyunaryong korte ang Marcopper upang magbayad-pinsala sa mga residenteng apektado ng pagtagas ng higit 200 milyong tonelada ng nakalalsong dumi sa Mogpog River sa Marinduque noong 1996.
- Sa Oriental Mindoro, naipagwagi ng mamamayan na maipasa sa lokal na gubyerno ang 25-taong *mining moratorium* noong 2002.
- Nilalabanan ng mamamayan ng Batangas ang mga pagpapalawig ng proyektong *coal-fired power plant* at mga polusyon sa ilog.
- Tuluy-tuloy ang pakikibaka ng mamamayan kabilang ang mga katutubong Dumagat at Remontado para pigilan ang pagtatayo ng mga dam sa Sierra Madre.
- Tinututulan at nilalabanan ng mga maralita at mangingisda ang mga proyektong reklamasyon sa Manila Bay at Cavite.
- Paglaban sa mga *logging concessionaire* o kumpanya sa pagtotroso laluna ang mga Morato na nanalasa sa hangganan ng Quezon at Bikol sa panahong 1970 - 80

Katuwang ng malawak na mamamayan ang Bagong Hukbong bayan (BHB) sa pagpapatigil ng operasyon ng mga mapaminsalang operasyon ng mga kumpanya at proyekto. Nilulunsaran ang mga ito ng punitibong aksyon ng BHB.

- Mga kumpanyang mina na Ipilan Nickel Corp at Macro-Asia Mining Corp. (2010) sa Brooke's Point at Citinickel (2016) sa Sofronio Española, Palawan
- Monte Rock Corporation (2018), isang kumpanyang nagku-*quarry* sa San Mateo at Rodriguez, Rizal
- Sta Clara Power Corporation (2019), isang *hydropower dam* sa Naujan, Oriental Mindoro
- Northern Builders (2019), isang *sub-contractor* na gumagawa ng kalsada para sa konstruksyon ng Kaliwa Dam sa Hilagang Quezon

Balabac Island sa Palawan, bagong base sa ilalim ng EDCA

Idadagdag bilang bagong base militar ng US sa Pilipinas ang isla ng Balabac sa Timog Palawan, inanunsyo ni Department of Defense Usec. Carlito Galvez noong Abril 4. Ang Balabac Island ay napakalapit sa inaagaw ng China na Mischief Reef na tinayuan na nga nito ng artipisyal na isla at pasilidad militar.

Ang pagtatalaga ng mga bagong base militar ng imperyalismong US sa Pilipinas ay isa sa mayor na isinarang kasunduan sa opisyal na pagbisita ni US Vice President Kamala Harris noong Nobyembre 2022. Iaakyat nito sa siyam ang kabuuang bilang ng base militar ng US sa ilalim ng EDCA. Ang unang lima ay naitatag sa ilalim ng rehimeng US-Aquino II at ang apat sa ilalim ng rehimeng US-Marcos II. Ang mga bagong base ayon kay Galvez ay itatayo sa: Naval Base Camilo Osias sa Sta. Ana, Cagayan; Lal-lo Airport sa Lal-lo, Cagayan; Camp Melchor Dela Cruz sa Gamu, Isabela; at isa sa Balabac Island sa Palawan.

Ang naunang lima ay sa Antonio Bautista Air Base, Puerto Princesa City; Fort Magsaysay, Nueva Ecija; Basa Air Base, Pampanga; Mactan-Benito Abuen Air Base, Cebu; at Lumbia Air Base, Cagayan de Oro. Dalawa na ang base ng US sa Palawan sa ilalim ng EDCA bukod pa sa ginagamit nitong Naval Station Carlito Cunanan sa Oyster Bay, Ulugan Bay, Puerto Princesa City.

Sa mga baseng ito, malayang makakapag-istasyon ng pwersa at kagamitang militar bukod sa makakapag-ikot at makapamayagpag ang mga tropa ng US. Pagpapalakas ito sa First Island Chain ng US laban sa China alinsunod sa US Indo Pacific Strategy na binubuo ng Pilipinas, South Korea at Japan.

Ang pagdadagdag ng base ay isa lamang sa serye ng malalaking hakbanging militar ng US sa iba't ibang bahagi ng rehiyong Asia Pacific ngayong taon, kabilang na ang pagbubuo ng kasunduan sa India para sa bahaginan ng teknolohiyang militar, ang pagdedeploy ng bagong yunit ng US Marines sa mga isla ng Japan at ang pagtatayo ng bagong base ng US Marine Corps sa Guam.

Bago pa tukuyin ang Balabac Island bilang dagdag na base ng US ay inihanda na ng sabwatang Western Command (WESCOM) at ng dating gubernador na si Jose Chavez Alvarez (JCA) ang isla sa tabing ng proyektong ekoturismo. Itinakda ni JCA noong nakaraang taon ang Balabac bilang "ang susunod na Maldives" at "ang El Nido sa South" sa balangkas ng programang pang-ekoturismo para sa sariling kapakinabangan. Sing-aga ng Pebrero 2022, ginagapang na ni JCA ang konstruksyon ng isang baseng panghimpapawid at baseng nabal sa Balabac upang kumpletuhin ang base ng tatlong iba't ibang sangay ng AFP sa mga isla ng Balabac.

Mas maaga pa, noong 2018, pumirma si JCA sa isang *memorandum of agreement* sa Philippine Air Force para sa pagtatayo ng isang 300-ektaryang *air base* sa Brgy. Catagupan. Mala-Subic na baseng nabal naman ang planong itayo sa timog na bahagi ng bayan. Sa kasalukuyan, nakaistasyon sa Balabac ang isang yunit sa ilalim ng Naval Forces West (NAFORWEST) at yunit ng Philippine Army at Philippine Coast Guard sa mga isla.

Ang pagbuhos ng napakaraming berdugo at pasistang pwersa ng AFP at US sa Balabac ay tiyak na magdudulot ng ibayong paglabag sa karapatang pantao ng mga mamamayan dito. Malalagay din sa bingit ng panganib ang buhay at kabuhayan ng mamamayan sa panahon ng pagsiklab ng digmaan sa pagitan ng US at Tsina dahil tiyak na makakasama sa target militar ng Tsina ang isla ng Balabac at ang buong Palawan. Nanawagan ang Bienvenido Vallever Command (BVC) - BHB Palawan na tutulan at labanan ng buong sambayanang Pilipino ang pagtatayo ng base militar ng US sa Balabac at sa iba pang panig ng bansa. "Palakasin ang armadong pakikibaka sa Palawan sa pamamagitan ng maramihang pagpapasampa sa Bagong Hukbong Bayan upang isulong ang demokratikong rebolusyong bayang magwawasak sa kontrol ng imperyalismo," pahayag ng BVC. K



Impyunidad at pang-aatake sa mga aktibista, sumasahol

Nagpapatuloy ang walang habas na pang-aatake sa nakikibakang mamamayan sa TK ngayong Abril. Iligal na dinakip ang dalawang aktibista sa Mindoro habang sinupil ang protesta kontra-mina sa Palawan. Malaya namang nakakagala ang mga mamamatay-taong pulis ng PNP-CALABARZON matapos iabswelto sa kasong *murder* kaugnay ng Bloody Sunday Massacre.

Iligal na pagdakip. Dinakip ng mga pwersa ng 4th IB sa ilalim ng 203rd Brigade ang dalawang organisador ng Bigkis at Lakas ng mga Katutubo sa Timog Katagalugan (BALATIK) noong Abril 24 sa Sityo Buol, Barangay Sta. Teresita, Mansalay, Oriental Mindoro. Ang mga biktima na sina Mary Joyce Lizada at Arnulfo Aumentado ay nagsasaliksik tungkol sa epekto ng *oil spill* sa mga Mindoreño laluna sa mga katutubo at mga kaso ng paglabag sa karapatang tao at internasyunal na makataong batas ng AFP-PNP nang pataksil na hulihin ng militar. Tinamnan sila ng mga baril at pasabog, at pinalalabas na mga kasapi umano ng Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Sa mga litratong inilabas mismo ng militar, nakitang bali ang braso at may sugat sa ulo si Aumentado. Sinalubong naman ng napakaraming sundalo ang magulang ni Lizada nang tumungo ang mga ito sa Mindoro para makita ang anak. Pinilit sila ng AFP na lumahok sa mga aktibidad na *tree-planting* at salu-salo sa Camp Capinpin para pagmukhaing tinrato nila nang maayos ang pamilya ni Lizada.

Mula sa Mindoro, dinala sina Aumentado at Lizada sa Camp Capinpin ng 2nd ID sa Tanay, Rizal kung saan sila iligal na nakadetine hanggang sa kasalukuyan. Patuloy na ipinagkakait sa kanila ang mga batayang karapatan bilang detenido at pinahihirapan ang mga kaanak at *paralegal* na bisitahin sila.

Pandarahas sa barikada kontra-mina. Marahas na dinispers ng bayarang goons ng Ipilan Nickel Corporation (INC) at lokal na pulis ang mapayapang barikada ng mga residente ng Brooke's Point para pigilan ang operasyon ng kumpanya. Hinuli ng mga pulis ang ilang kalahok sa protesta kabilang ang mga babae at may edad. Iligal ding idinetine ang anim na residente ng mga barangay ng Aribungos, New Panay, Maasin at Ipilan noong Abril 14.

Matapos ang insidente, sinisiraan pa ng kumpanya ang mga nagbarikada at sinabing sila ang nagpasimula ng gulo. Tinawag ng PNP na *public disturbance* ang kilos protesta upang bigyang matwid ang paggamit ng kamay na bakal laban sa mga nagpoprotesta.

Ipinaglalaban ng mga residente na patigilin ang operasyon ng INC at tuluyan nang kanselahin ang Mineral Production Sharing Agreement o lisensyang magmina na ipinagkaloob dito ng reaksyunaryong gubyerno. Nagsimula ang barikada kontra-mina noon pang Pebrero.

Kawalang hustisya para sa mga biktima ng Bloody Sunday. Kinundena ng mamamayan ng TK at mga tapapagtanggol ng karapatang tao ang pagdi-*dismiss* ng Department of Justice (DOJ) sa kasong *murder* laban sa 17 pulis na sangkot sa pagpatay sa mag-asawang Ariel at Chai Lemita Evangelista sa Bloody Sunday Massacre.

Na-*dismiss* ang kaso dahil diumano'y hindi tugma ang armas na bumaril sa mag-asawang Evangelista sa hawak ng mga pulis na sandata. Masahol pa, pinanindigan ng DOJ sa resolusyon nito ang kasinungalingang "nanlaban" ang mga biktima.

Bago ito, inabswelto ng DOJ noong Enero ang mga pulis na sinampahan ng kasong pagpatay sa lider-manggagawa na si Emmanuel Asuncion, isa ring biktima ng Bloody Sunday Massacre. K

Banta ng pambobomba, nagdulot ng takot at ligalig sa Montalban, Rizal

Naghatid ng takot at ligalig sa mga residente ng Montalban, Rizal ang banta ng pambobomba ng 80th IBPA sa ilalim ni Erwin Commendador sa Sityo Lubog, Brgy. Mascap noong Abril 6. Ito ay matapos ang magkasunod na labanan sa pagitan ng Narciso Antazo Aramil Command (NAAC)-BHB Rizal at 80th IBPA sa naturang bayan noong Marso 31 at Abril 2.

Nasa 250 pamilya ang sapilitang pinalikas sa *evacuation centers* sa Brgy. Mascap, Brgy. Puray at Brgy. San Rafael ng Montalban. Kabilang sa mga apektado ang 150 bata sa Brgy. Mascap. Pinagbawalan din sila ng mga militar na bumalik sa kanilang tahanan at magsaka. Nanawagan ang Karapatan-Rizal ng tulong para sa mga apektadong residente.

Kinundena ng Karapatan-Rizal ang pagbabanta at pagpapalayas ng militar sa mga residente. Anila, tahasang paglabag ito sa mga kasunduan sa Geneva Conventions at Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law.

Samantala, ni-*red tag* ng Sambayanan-Rizal, isang anti-mamamayang grupong binuo ng mga militar, ang mga mamamayang nagresponde ng tulong sa mga biktima. Ipinagtanggol ng mga Rizaleño ang mga progresibong grupong tumutulong sa kanila. K



Kalbaryo ng Bayan: malikhaing protestang bayan (*cultural protest*) sa gitna ng Semana Santa

Inilunsad ng mga kabataan, maralitang taga-lungsod at taong simbahan ang taunang protestang Kalbaryo ng Bayan noong Abril 3 upang ipakita ang pang-araw-araw na kalbaryo ng mamamayan sa ilalim ng ilehitimong rehimeng Marcos-Duterte.

Ito ang tampok na malikhaing protestang bayan sa pangunguna ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN) - Timog Katagalugan sa panahon ng Semana Santa.

Tumungo ang mga grupo sa US Embassy, Department of Justice at Camp Aguinaldo na tinagurian nilang "Stations of the Cross" batay sa kulturang Pilipino na paggunita sa Semana Santa.

Ayon kay Kyle Salgado, tagapagsalita ng BAYAN-TK, "Bawat isa sa atin ay salaminan ng Kalbaryo ni Hesukristo. Nasa harapan si Hesus ng pang-aalipusta pareho ng imperyong Romano at ng mga papet nito. Tulad niya, biktima ang mga Pilipino ng pagpapalayas sa kanilang mga lupa, kahirapan, panlalamang sa sahod, at mabibigat na mga parusa sa mga krimeng hindi nila ginagawa."

Tinuligsa sa protesta ang mga di pantay na kasunduan sa US. Itinuring nila si Ferdinand Marcos Jr. bilang si Poncio Pilato na ibinenta ang bayan sa mga dayuhan. Inilahad at kinundena rin ang mga pamamaslang sa karaniwang mamamayan at aktibista. Binatikos nila ang DOJ sa pag-abswelto sa 17 pulis na sangkot sa pamamaslang sa mga aktibistang sina Chai at Ariel Evangelista na kabilang sa mga biktima ng Bloody Sunday Massacre noong Marso 7, 2021.

Pagsapit ng hapon, sumanib ang delegasyon ng TK sa Kalbaryo ng Maralita, isang martsang protesta mula Recto Bridge tungong Liwasang Bonifacio.

Nagtuluy-tuloy ang malikhaing protestang bayan hanggang Abril 5. K



Mga lider-magsasaka at tagapagtanggol ng karapatang tao, pinarangalan sa Gawad Eden at Eddie

Pinagpugayan ng mga progresibong grupo ang 23 lider-magsasaka, tagapagtanggol ng karapatang tao at aktibista sa inilunsad na Gawad Eden Marcellana at Eddie Gumanoy na ginanap noong Abril 21, 2023 sa Bahai Alumni sa Union Theological Seminary, Dasmariñas, Cavite.

Ang Gawad Eden at Eddie ay pinangunahan ng Tanggol Magsasaka Timog Katagalugan at Karapatan Timog Katagalugan katuwang ang mga progresibong organisasyon sa rehiyon. Kinikilala sa Gawad Eden at Eddie ang mga huwarang indibidwal na hindi alintana ang hirap at panganib dulot ng pagbabanta ng estado upang paglingkuran ang masa. Ipinangalan ito kina Eden Marcellana at Eddie Gumanoy, mga tagapagtanggol ng karapatang tao na pinaslang habang pauwi sa *quick reaction mission* sa Mindoro noong Abril 21, 2003. Nagsasaliksik sila sa mga paglabag sa karapatang pantao nang tambangan ng tropa ng berdugong si Jovito Palparan. Dinukot sila sa byahe patungong Calapan City at kinabukasan ay natagpuan ang kanilang bangkay sa tabing kalsada ng Bansud, Oriental Mindoro.

Ito ang ikalawang Gawad Eden at Eddie na may temang "Pagpugayan ang ating mga Binhi at Bayani na nag Punla ng Kilusang Magbubukid at Karapatang Pantao sa Timog Katagalugan."

Ayon sa mga organisador ng aktibidad, dinaluhan ito ng mga dating nakasama nila Ka Eden at Eddie mula sa CALABARZON at NCR. Kabilang sa 23 pinagpugayan ang mga namartir sa proseso ng kanilang pakikihamok sa teroristang estado. Tinanggap ng kanilang mga naiwang mahal sa buhay ang parangal.

Tampok sa mga pinarangalan sina Tessie Arjona, ang byuda ni Danilo Arjona na isa sa labing tatlong biktima ng Mendiola Massacre. Si Tessie ay 36 taon nang naghahanap ng hustisya para sa

kanyang kabiyak at mga minasaker sa Mendiola.

Ikalawa si Marlyn Quires, isang kababaihang Dumagat ng Hilagang Quezon at naging *secretary general* ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN)-Quezon na ipinaglaban ang karapatan ng mga katutubo. Siya ay namatay sa karamdaman.

Ikatlo si Arman Albarillo na anak ng mga biktima ni Jovito Palparan at namulat para labanan ang estado. Naging *secretary general* siya ng BAYAN-Timog Katagalugan. Kalaunan, sumapi siya sa BHB upang ipagtanggol ang sarili sa panggigipit ng estado, maghanap ng hustisya sa pamamaslang ng estado sa kanyang magulang at ipaloob ito sa pakikibaka ng sambayanang Pilipino para sa pambansang kalayaan at demokrasya. Napatay siya noong 2012 sa San Narciso, Quezon.

Ikaapat si Emmanuel "Ka Manny" Asuncion na lider-manggagawa at *secretary general* ng BAYAN-Cavite. Kabilang siya sa mga biktima ng Bloody Sunday Massacre noong Marso 7, 2021.



Binigyan din ng ispesyal na pagkilala at pagdakila ang pumanaw na si Prof. Jose Maria Sison na buong buhay nagsulong ng tunay na reporma sa lupa at paggalang sa karapatang pantao. Kinilala ang kanyang papel sa pagtutulak ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) at Government of the Republic of the Philippines (GRP) bilang *chief political consultant* ng NDFP. Nagpadala ng mensahe ng pasasalamat at pakikiisa si Julieta de Lima, *interim chairperson* ng *negotiating panel* ng NDFP at kabiyak ni Sison.

Pangunahing tagapagsalita sa Gawad Eden at Eddie si Christina Palabay, *secretary general* ng Karapatan. Bilang pakikiisa, nagpadala rin ng *video message* si Carol Araullo, *chairman emeritus* ng BAYAN.

Nagtapos ang aktibidad sa pamamagitan ng pag-aalay ng kandila sa lahat ng mga martir ng pambansa-demokratikong pakikibaka. K

INTERNASYUNAL

Pagbagsak ng mga bangko, tanda ng lumalalang krisis ng imperyalismo

Niyayanig ang pandaigdigang sistemang kapitalista ng biglaan at mabilis na pagsasara ng mga bangko sa US at pagbagsak ng isang internasyunal na bangko nitong Marso at Abril. Sinasabing ito na ang sunod na pinakamalaking dagok sa sektor ng pinansya mula nang pumutok ang krisis sa pinansya dahil sa bula sa pabahay noong 2008.

Magkasunod na nagsara ang Silicon Valley Bank (SVB) at Signature Bank, mga rehiyunal na bangko sa US, sa unang bahagi ng Marso. Bumagsak din ang First Republic Bank, isa ring katamtamang-laking bangko sa US, habang kinailangang makipag-merge ng Credit Suisse ng Switzerland sa karibal nitong bangko upang iwasan ang ganap na pagkalugi. Nangyari ang mga ito sa loob ng ilang linggo mula Marso hanggang Abril.

Ang sunud-sunod na pagbagsak ng mga bangko sa US ay resulta na ng tumatagal na resesyon mula pa nakaraang taon. Ang paulit-ulit na solusyong reseta ng monopolyo kapitalistang estado ng US na pagtataas ng *interest rate* ng US Federal Reserve para kontrolin ang implasyon ay napatunayang hungkag. Itinulak nito ang pagbagsak ng SVB makalipas lamang ang ilang buwan ng pagtataas ng interes dahil kalakhan ng hawak na deposito nito ay ipinambili ng mga sekyuriti gaya ng mga bono na bumababa ang halaga habang tumataas ang *interest rate*. Sa desperasyong tapalan ang pagkalugi, nag-anunsyo itong ibebenta ang $21 bilyong hawak nitong sekyuriti kahit na talo ito ng $2 bilyon noong Marso 8.

Nag-*panic* o natakot ang mga may deposito at puhunan sa SVB kaya't inilabas ng mga ito ang kanilang pera mula sa bangko. Nagresulta ito sa *bank run* o pagkaubos ng pera ng bangko. Karamihan sa kliyente ng SVB ay mga *venture capitalists* at kumpanyang *start-up* sa industriya ng teknolohiya. Pagdating ng Marso 10, gumuho na ang SVB.

Sumunod na nagsara ang Signature Bank noong Marso 12.

Tulad ng SVB, nagpapahiram ang Signature Bank sa mga kumpanyang *start-up*. Itinuturong pangunahing dahilan nito ang nilikhang takot at *panic* ng mga namumuhunan sa sinapit ng SVB kaya't binawi rin ang kanilang pera sa Signature Bank.

Sa dulo ng Abril, inanunsyo ang biglang pagbagsak ng deposito ng First Republic Bank na nauna nang nag-ulat ng paghina noong unang kwarto ng 2023. Nawalan ng higit $100 bilyon ang bangko dahil bumaba ang kumpyansa ng mga may deposito rito. Bago tuluyang magsara, tumanggap ng $30 bilyong pautang ang First Republic mula sa malalaking bangko tulad ng JPMorgan & Chase, Citigroup at Bank of America subalit bigo itong pigilan ang pagguho ng nasabing bangko.

Sinagot na ng US Federal Deposit Insurance Corporation (FDIC) ang pananagutan ng SVB at Signature Bank sa mga may deposito rito. Ganoonman, hanggang $250,000 lamang ang maaaring maibabalik na halaga sa mga depositor. Samantala, inangkin na ng JPMorgan & Chase, pinakamalaking bangko sa US, ang First Republic Bank sa halagang $10.6 bilyon. Magbibigay ang FDIC ng $50 bilyon bilang bahagi ng pagpipinansya sa takeover ng JPMorgan & Chase sa First Republic.


Nagkumahog naman ang estado ng Switzerland na iligtas ang Credit Suisse na sumunod sa pagguho ng mga rehiyunal na bangko sa US matapos ang mahigit isang taong tuluy-tuloy na paghina at paulit-ulit na *restructuring* ng *assets* noong nakalipas na taon. Nitong Oktubre 2022, naitala nito ang 55% na pagbagsak ng mga sapi (*shares*) nito. Ang Credit Suisse ang ikalawang pinakamalaking bangko sa Switzerland at isa sa 30 bangko sa mundo na tinaguriang "mahalaga" sa pandaigdigang sistemang pampinansya.

Sa udyok ng gubyerno ng Switzerland, binili ng UBS, pinakamalaking bangko sa bansa, ang Credit Suisse sa halagang tatlong bilyong Swiss *francs* na katumbas ng $3.3 bilyon. Naglabas din ng 200 bilyong *francs* ang gubyerno bilang suporta at garantiya ng *merger*.

Ginamit ng ehekutibo ang kapangyarihang pang-emerhensya nito upang isagawa ang hakbang nang walang konsultasyon sa mga may-ari ng sapi ng UBS at pati ng parlamento ng Switzerland. Sa sumunod na botohan sa mababang kapulungan ng parlamentong Swiss, 103 ang tutol habang 71 ang sang-ayon sa paglalabas ng gubyerno ng pondo para isalba ang Credit Suisse.

Minamaliit at pinagtatakpan ng mga nangungunang imperyalistang estado ang pagbagsak ng mga bangko sa katwirang "hiwalay (*isolated*)" na kaso lamang ang mga ito. Gayunman, hindi nito maitago ang patuloy na paghina ng pandaigdigang sistemang kapitalismo. Ang nagaganap ngayong hakbanging pagsasalba ng monopolyo kapitalismo sa mga bumagsak na bangko ay labis lamang na nagkokonsentra ng kapital at yaman sa kamay ng iilang oligarko sa pinansya. Resulta nito, ang ibayong paglaki ng agwat sa pagitan ng pinakamayayamang indibidwal sa isang banda at ng masang anakpawis sa kabilang banda. Habang patuloy na tumatabo ng limpak na kayamanan ang mga numero-unong monopolyo sa daigdig, ibayong nalulubog ang kabuhayan ng uring anakpawis ng daigdig, na humihila sa kabuhayan maging ng mga panggitnang uri at saray ng lipunan.

"Sadlak pa rin sa krisis ang pandaigdigang sistemang kapitalista na kinatatangian ng labis na produksyon, bumabagsak na tantos ng kita at lumolobong krisis sa pinansya. Ang nangungunang mga kapitalistang bansa, kabilang ang US, ay umuus-os sa resesyon na lalong magpapalawig sa malaon nang nagtatagal na panahon ng ekonomikong istagnasyon at magdudulot ng ibayong pagdurusa sa malawak na hanay ng masang anakpawis sa buong daigdig," ayon sa pahayag ng Partido ng Komunista ng Pilipinas sa ika-54 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan noong Marso 29. K



Basahin at talakayin ang INDEKS sa Langis

Inihahandog ng Kagawaran sa Edukasyon - Timog Katagalugan (KARED -TK) ang INDEKS sa Langis nitong Abril. Ito ang pinakahuling isyu ng INDEKS matapos ang mga praymer sa International Humanitarian Law at Sim Card Registration.

Ayon sa KARED - TK, layunin ng INDEKS na "bigyan ng batayang kaalaman ang mga kasama at masa hinggil sa pandaigdigang industriya ng langis at sa kalagayan ng industriya ng langis sa Pilipinas."

Napapanahong pag-aralan nang malalim ang krisis sa langis dahil isa ito sa pinakamatingkad na salaminan ng malalim na krisis ng sistemang kapitalista sa yugto ng imperyalismo. Apektado ng mga usapin hinggil sa produksyon, bentahan at monopolyo sa langis ang lahat ng himaymay ng buhay pampulitika at pang-ekonomya ng daigdig.

Ang INDEKS sa Langis ay ipinamamahagi sa pamamagitan ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan o yunit ng Partido. Maaari ring sumulat sa dagundong.tk@gmail.com para humingi ng kopya o karagdagang impormasyon. K


MDF